

Mahal na Magulang /Guardian,

Ang Vancouver School Board ay nag-aalok na ngayon ng School Cash Online sa [school name] bilang napiling sistema ng pagbabayad para sa lahat ng school fees, kabilang dito ang mga field trip at yearbooks. Ito’y isang ligtas na paraan na nakakatulong sa mga magulang at mga miyembro ng komunidad na magbayad ng fees ng paaralan sa online, ito’y mabilis at madaling gawin.

Pinagsama-sama ng bagong online na sistemang ito ang lahat ng school fees na available sa iyong mag-aaral para sa pagbili, at nagbibigay din sa iyo ng kaalaman tungkol sa mga aktibidad at pangangailangan ng iyong anak. Ipo-post namin ang mga item gamit ang system at itatakda ang nauugnay na fees sa iyong mag-aaral. Pagkatapos ay maaari mong bayaran ang fees sa online gamit ang isa sa tatlong paraan, kabilang ang credit card. Maaari mo ring malaman at masubaybayan kung aling school fees ang nangangailangan ng iyong atensyon. Ang sistemang ito’y mahigpit na umaalinsunod sa batas sa pagkapribado at anti-spam ng Canada at tumutugon sa pinakabagong mga pamantayan sa industriya para sa ligtas na pagbabayad.

Maaari na kayong magrehistro ngayon – ito’y isang simpleng proseso na tumatagal lamang ng ilang minuto – sa pamamagitan ng pagbisita sa <https://vsb.schoolcashonline.com> o sa aming website sa <http://www.vsb.bc.ca/online-payment> . Sundin ang mga instruksyon kung paano pumunta sa page ng School Cash Online. Kakailanganin mo ang pangalan, apelyido at petsa ng kapanganakan ng iyong anak upang magparehistro.

Kung may makaharap kayong anumang problema sa pagrehistro, tumawag sa parent help desk sa **1 (866) 961-1803** o tingnan ang [schoolcashonline.com/Home/Support](https://vsb.schoolcashonline.com/Home/Support).

Lubos na gumagalang,

Principal,

XXXXX School

# SchoolCashOnline

Para maging ligtas at gawing mas madali, nais ng Vancouver School Board na bawasan ang halaga ng cash at dami ng tsekeng dumarating sa ating mga paaralan. Mangyaring maibilang sa maraming mga magulang na nagparehistro dahil mas madali ang pagbayad sa online; ito'y tumatagal ng wala pang limang minuto. Matapos sundin ang sumusunod na mga madaling instruksyon sa ibaba, makakatanggap ka na ng mga abiso sa email tungkol sa mga nalalapit na aktibidad ng iyong (mga) anak.

**TANDAAN:** Kung kailangan mo ng tulong, i-select ang *SUPPORT* option sa kanang-itaas na sulok ng screen.


## Ika-1 Hakbang: Magrehistro

- Kung hindi ka pa nakarehistro, mangyaring pumunta sa home page ng *School Cash Online* sa <https://vsb.schoolcashonline.com> at piliin ang opsiyon na **"Get Started Today"**.
- Kumpletuhin ang bawat isa sa tatlong Registration Steps  
\*Para sa Seguridad ng iyong Password, dapat na may **8 characters**, **isang uppercase na titik**, **isang lowercase na titik** at **isang numero**.



## Ika-2 Hakbang: Ang Confirmation Email

Magpapadala sa iyo ng isang email na nagkukumpirma ng iyong pagpaparehistro. I-click ang link na kalakip sa email na iyon upang kumpirmahin ito at ang *School Cash Online* account. Bubuksan ng confirmation link ang site ng *School Cash Online* at sasabihin sa iyo na mag-sign in ka sa iyong account. Gamitin ang email address at password na ginamit mo sa iyong account.



## Ika-3 Hakbang: Hanapin ang Iyong Mag-aaral

Ang hakbang na ito'y magkukonekta sa mga anak mo sa iyong account.

- I-enter ang Pangalan ng School Board.
- I-enter ang Pangalan ng Paaralan.
- I-enter ang Pangalan, Apelyido at Petsa ng Kapanganakan ng Iyong Anak.
- I-select ang **Continue**.
- Sa susunod na page, kumpirmahin na may kaugnayan ka sa bata, lagyan ng tsek ang Agree box at i-select ang **Continue**.
- Ang iyong anak ay naidagdag na sa iyong account.

**Find Student**

**School Information**

School Board Name: School Board 1575  
Looking for a student in a different school board?

School Name:

**Student Information**

Do you have the student number?

Student Number:

First Name:

Last Name:

Birth Date:   
Date format: mm/dd/yyyy

(No students? [Click here](#))

## Ika-4 Hakbang: Tingnan ang Items

### o Magdagdag ng Isa pang Anak o Mag-aaral

Kung may iba pa kayong anak, i-select ang **"Add Another Student"** at ulitin ang mga hakbang sa itaas. Maaaring magdagdag ng hanggang 8 bata para sa isang account ng magulang. Kung 'di mo nais idagdag ang iba pang anak, i-select ang opsiyon na **"View Items for Students"**. Ang isang listahan ng available items para sa pagbili ay ipapakita.

Mabilis. Ligtas. Madaling Gawin


# Welcome sa *School Cash Online*

Ang School Cash Online ay isang online portal na nag-aalok sa mga magulang ng ligtas, mabilis at madaling paraan ng pagbabayad ng school activity fees. Ang portal ay iniakma upang tugunan ang mga pangangailangan ng iyong paaralan at pinahihintulutan ka bilang isang magulang na idagdag ang iyong mga anak; magbayad, tingnan ang account balance/history, mga resibo o i-print ang mga ito, at makatanggap ka rin ng mga abiso tungkol sa papalapit na mga aktibidad.

## Bakit Kailangan Gamitin ang School Cash Online?

Sa School Cash Online, maaari mong bayaran ang lahat ng school fees ng iyong anak sa pag-click lamang ng isang button. Kahit saan. Kahit kailan. Ang mga pagbiyahe sa paaralan upang magbayad ng cash o pagpapadala ng pera sa iyong anak upang ibayad ay magiging isang bagay ng nakaraan. Pinahihintulutan ka rin ng School Cash Online na subaybayan ang items at aktibidad sa paaralan ng iyong mag-aaral.

Bumili ng items at marami pang iba sa online.



### Credit Card

Magbayad gamit ang Visa o MasterCard sa School Cash Online sa pag-enter lamang ng iyong credit card number, CVV number (ang tatlong digit sa likod ng iyong card), petsa ng pag-expire ng card, at impormasyon sa billing.



### eCheck

Ito'y isang elektronikong bersyon ng tsekeng papel na ginagamit upang magbayad sa online. Sinuman na may checking o savings account ay maaaring magbayad gamit ang eCheck sa School Cash Online.



### myWallet

Ito'y isang online wallet na maaaring i-load para sa mga pondo mo upang makapagbayad ng fees sa School Cash Online para sa iyong anak. Pinahihintulutan ka rin ng myWallet na maglaan ng pondo upang bayaran ang school fees sa mga darating na petsa, tulad ng ginagawa mo sa isang gift card.

## Paano ang Pagrehistro

Sundin ang mga instruksyon na ito upang gumawa ng iyong School Cash Online account ngayon.

- 1 Gumawa ng Iyong Profile:**  
Pumunta <https://vsb.schoolcashionline.com>  
At i-click ang "Get Started Today".
- 2 Kumpirmahin ang Iyong Email:**  
I-check ang iyong inbox para sa email confirmation at i-click ang link doon. Mag-sign in gamit ang iyong bagong login details.
- 3 Magdagdag ng Mag-aaral**  
I-click ang "Add Student" at punan ang mga kinakailangang patlang para sa mga detalye ng iyong anak.

Manatiling updated sa pamamagitan ng pag-select sa "Yes" para sa mga email na pag-abiso tungkol sa mga paparating na bayarin o fees.



Gusto kong makatanggap ng mga abiso sa email para sa bagong fees na itinakda sa aking anak/mag-aaral at updates sa mga darating na aktibidad na nauugnay sa paaralan.



Para sa karagdagang impormasyon kontak in ang Parent Helpdesk sa  
[parenthelp@schoolcashionline.com](mailto:parenthelp@schoolcashionline.com) o sa 1.866.961.1803